Kapag nakita ninyo iyon ay mag-ayuno kayo at kapag nakita ninyo iyon ay tumigil-ayuno kayo ngunit kapag pinalabo sa inyo ay magtaya kayo para rito."}

Ayon sa Anak ni `Umar (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: {Nakarinig ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Kapag nakita ninyo iyon ay mag-ayuno kayo at kapag nakita ninyo iyon ay tumigil-ayuno kayo ngunit kapag pinalabo sa inyo ay magtaya kayo para rito."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng palatandaan ng pagpasok ng buwan ng Ramaḍān at paglabas nito sapagkat nagsabi siya: "Kapag nakita ninyo ang bagong buwan ng Ramaḍān, mag-ayuno kayo; ngunit kung may humarang sa pagitan ninyo at niyon na ulap at tinakpan iyon sa inyo, ibilang ninyo na may 30 araw para sa buwan ng Sha`bān. Kapag nakita ninyo ang bagong buwan ng Shawwāl, tumigil-ayuno kayo; ngunit kung may humarang sa pagitan ninyo at niyon na mga ulap at tinakpan iyon sa inyo, ibilang ninyo na may 30 araw para sa buwan ng Ramaḍān."

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/4549